U.S. CURRENCY
EDUCATION PROGRAM

# Mga Tip para Makita ang Madaling Matukoy na mga Huwad na Perang Papel

**Sumulyap sandali sa pera kapag natatanggap mo ito.**




Kung mayroong banyagang sulat dito, maaaring huwad o peke ito.




Kung mayroon itong mga salita “Para sa Gamit ng Pelikula Lamang” o ang salitang “Replica” na nakadikit dito, maaaring huwad o peke ito.

Ang pinakamahusay na paraan upang matukoy kung ang isang perang papel ay tunay o totoo ay magtiwala sa mga tampok na pangseguridad nito. Kung sa tingin mo ay nakatanggap ka ng palsipikadong perang papel, ipaalam sa pinakamalapit na US Secret Service Field Office o bisitahin ang **uscurrency.gov/report-counterfeit.**

U.S. CURRENCY
EDUCATION PROGRAM

# **Totoo ba ito?** Alamin ang iyong mga perang papel.



## Damhin ang papel

Igalaw ang iyong daliri sa buong perang papel. Dapat itong maging bahagyang magaspang sa paghipo bilang resulta sa proseso ng pag-iimprenta at ng kakaibang komposisyon ng papel.



## Ikiling ang perang papel

Ikiling ang perang papel para makita ang tinta o ink sa mga numero sa kanang ibabang sulok na nagbabago ng kulay. Sa kasalukuyang estilo ng mga perang papel, ang kulay ay dapat magbago mula tanso o copper patungong berde.



## Suriin gamit ang liwanag

Hawakan ang perang papel sa liwanag para masigurado na ang watermark at ang sinulid na pangseguridad ay makikita mula sa harap at likod ng perang papel.

Bisitahin ang **uscurrency.gov** para sa karagdagang impormasyon at mga mapagkukunan ng pagsasanay sa pagpapatunay ng kasalukuyan at mas lumang mga estilo ng pera ng U.S.